Grenfell Tower Memorial Commission

# Proseso ng pagpili ng internasyonal na design team

Yugto 1 Impormasyon sa Disenyo

Ika-10 ng Hulyo 2024

**Mga Nilalaman**

Panimulang liham mula sa Grenfell Tower Memorial Commission

Pambukas na pahayag

1 Pagpresenta sa proseso ng pagpili

2 Ang tunguhin sa memorial

3 Ang site ng memorial at nakapaligid na lugar

4 Ang komunidad ng Grenfell

5 Mga prinsipyo sa gabay ng disenyo

6 Ang iyong design team

**Mga Apendix**

A1 Base Plan ng Site ng Memorial
A2 Aerial na Larawan ng Site ng Memorial
A3 Mga Larawan ng Lokasyon at Site ng Memorial

Dapat basahin ang impormasyon ng disenyo na ito kasabay ng:

Standard Selection Questionnaire (SSQ)
High-Level Descriptive Document (HDD)

**Panimulang liham mula sa Grenfell Tower Memorial Commission**

Ang paglathala ng impormasyon ng disenyo na ito ay nangangahulugan ng paglunsad ng proseso upang maghanap at magtalaga ng design team ng memorial na eksperto, maalalahanin at nakatuon sa komunidad. Makabuluhang hakbang ito sa aming pagsisikap na gumawa ng angkop na memorial upang alalahanin ang mga pumanaw at ang mga buhay na tuluyang nabago ng kalunos-lunos na sunog sa Grenfell Tower. Nakatuon kami sa paggabay sa proseso sa ngalan ng komunidad ng Grenfell upang lumikha ng makabuluhan at may malaking epekto na memorial. Ang memorial ang magiging palatandaan ng kalunus-lunos na kaganapan noong Hunyo 14, 2017 at ihahayag nito ang ating pagmamahal sa mga pumanaw nating mahal sa buhay at alalahanin sila magpakailanman.

Alam naming mahirap itong makamit dahil ang trahedya ay nagdulot ng maraming masalimuot at masakit na damdamin. Sa yugtong ito, hindi namin inaasahan na makakapili ang prosesong ito ng nakapirmi o pinal na panukala sa disenyo. Napakahalagang makahanap ng team na kayang bumuo ng sensitibo at nagbibigay-inspirasyong diskarte sa disenyo, at makipagtulungan sa komunidad ng Grenfell upang bumuo ng maagang konsepto para sa memorial.

Noong Mayo 2022 at Nobyembre 2023, inilathala namin ang una at pangalawang mga ulat ng ***Pag-alala sa Grenfell: ang aming paglalakbay sa ngayon***[1] at ***Pag-alala sa Grenfell: Mga rekomendasyon at mga susunod na mga hakbang sa isang alaala***[2]***.*** Inilarawan ng aming mga ulat ang gawaing isinagawa namin sa komunidad ng Grenfell sa ngayon sa pagtatakda ng kalagayan para sa memorial. Kasama sa mga ito ang pananaw ng komunidad para sa memorial, ang pamamahala nito sa hinaharap at ang patuloy na pag-alala kung ano ang nawala sa ating komunidad, sa loob at labas ng Grenfell Tower. Higit sa 2,000 katao, na karamihan ay lubos na naapektuhan sa trahedya, ang nagbigay sa amin ng kanilang mga pananaw tungkol sa papalapit na memorial; na may ilang taong nakipag-usap sa amin ng higit sa isang beses. Inilalarawan ng aming mga ulat ang marami sa mga inaasahan at adhikain na mayroon kami at ang iba pang bahagi ng komunidad ng Grenfell para sa memorial, kung ano ang maaaring isama at kung ano ang dapat maranasan sa lugar na ito sa hinaharap. Ang impormasyon sa disenyo na ito ay isinulat na lubos na umaayon sa mga ulat na ito at binuo sa mga paunang ideya na ibinahagi sa amin ng mga indibidwal sa buong komunidad ng Grenfell.

Ang desisyon tungkol sa kinabukasan ng Grenfell Tower ay para sa gobyerno, ngunit alam din natin na ang Grenfell Tower ay hindi maaaring manatili magpakailanman sa kasalukuyang kalagayan nito. Naghihintay tayo ng higit pang kalinawan tungkol sa Tower, at ang mga timeline para sa desisyon ng gobyerno. Habang naghihintay tayo na malutas ito, nasasabik

[1] **Remembering Grenfell: our journey so far** (Mayo 2022) https://www.grenfelltowermemorial.co.uk/remembering-grenfell

[2] **Remembering Grenfell: Recommendations and next steps to a memorial** (Nobyembre 2023) https://www.grenfelltowermemorial.co.uk/report2023

kaming magpatuloy sa proseso ng pagpili na ito upang magkaroon tayo ng isang design team kapag nakagawa na ng desisyon para sa tore. Nauunawaan namin na isa itong hamon, ngunit sa suporta mula sa Secretariat para sa Commission, nagtitiwala kami na ang mga kalahok sa proseso ng pagpili na ito ay mayroong kadalubhasaan at pagkamalikhain upang makayanan ang partikular na hamon na ito at makapaghatid ng angkop na memorial para sa Grenfell.

Kung mula ka sa London, sa buong United Kingdom o nakabase sa ibang bansa, gusto ka naming hikayatin na isaalang-alang ang pagbuo ng team at magsumite ng paunang pagpapahayag ng interes. Nais naming ilarawan mo ang iyong kagustuhang magsumite ng iyong pagpapahayag ng interes upang magdisenyo ng magalang, matapang at pangmatagalang memorial upang alalahanin ang mga nasawi sa trahedya ng Grenfell Tower. Salamat sa paglalaan ng oras na basahin ang dokumentong ito at nawa'y nabigyang-inspirasyon ka na magsumite ng paunang panukala para sa napakahalaga at sensitibong komisyon sa disenyo na ito.

**Nilagdaan ni,** Adel Chaoui, Hanan Wahabi, Hassan Awadh Hassan, Nabil Choucair, Sandra Ruiz, Abe Abebe, Hanan Cherbika, Mohammed Rasoul, Andrea Newton, Susan Al-Safadi
**Mga kinatawan ng Komunidad ng Grenfell Tower Memorial Commission**

Thelma Stober DL, Lord Paul Boateng CVO
**Mga co-chair ng Grenfell Tower Memorial Commission**

**Pambukas na pahayag**

Noong gabi ng Miyerkules, Hunyo 14, 2017, sumiklab ang apoy sa loob ng Grenfell Tower sa Lancaster West Estate sa North Kensington. Mabilis na natupok ng apoy ang buong gusali at hanggang sa tuktok ng ika-23 palapag[3], na kalunos-lunos na kumitil sa buhay ng 72 katao at sinira ang istraktura ng gusali. Marami nang nasaksihan, naiulat at naisulat tungkol sa trahedyang ito, sa epekto nito sa napakaraming buhay at sa epekto nito sa mga nakapaligid na kapitbahayan at komunidad. Pinakamahalagang bahagi ng Proseso ng Pagpili ng Internasyonal na Design Team na ito ang pagnanais na kilalanin ang kalunos-lunos na kaganapan ng sunog at alalahanin ang buhay ng mga mahal sa buhay at mga nawala. Gamit ang epekto ng disenyo, mayroong iisang pagnanais na gumawa ng isang lugar kung saan maaaring magtipon ang mga tao upang alalahanin ang trahedya, magkaroon ng lakas, at parangalan ang mga alaala ng mga yumao.

Sa pagsulat sa impormasyon ng disenyo, maingat na pinili ang mga salitang ginamit. Hangga't maaari, sinikap na maging malinaw tungkol sa kung sino at ano ang tinutukoy ng mga salitang ginamit sa mga nakaraang ulat ng Commission at sa dokumentong ito. Halimbawa, partikular na binanggit ang komunidad ng Grenfell, na tumutukoy sa naulilang pamilya, mga nakaligtas, residente ng Lancaster West Estate at kalapit na komunidad na nakatira malapit sa Grenfell Tower. Kung minsan, ang paggamit lamang ng salitang 'Grenfell' ay nagsisilbing shorthand para sa trahedya at nagiging palatandaan ng alaala nito. Regular na ginagamit ang salitang ito. Syempre, maaaring hindi ang mga salitang ito ang pipiliing gamitin ng lahat, ngunit ginawa ang mga pagsisikap upang maging sensitibo at malinaw hangga't maaari.

Bilang paggalang sa mga apektado ng trahedya, ang Commission, mga tagapayo nila at mga miyembro ng komunidad ng Grenfell ay hindi dapat direktang lapitan o hingan ng impormasyon dahil maaari itong humantong sa diskwalipikasyon mula sa proseso ng pagpili ng design team.

Ang proseso ng pagpili ay pinamamahalaan at pinangangasiwaan ng RIBA[4] Competitions sa ngalan ng Commission at ng komunidad ng Grenfell. Maaaring magparehistro ang mga organisasyon upang lumahok sa proseso ng pagpili, sa pamamagitan ng pagrehistro muna sa ginagamit na procurement portal: New User Registration

[3] Ang Grenfell Tower ay binubuo ng ground floor, 23 palapag, at engine room sa tuktok ng gusali. Sinasabi ng ilang teknikal na ulat na may 25 palapag ang gusali, kabilang ang ground floor at ang engine room sa tuktok ng gusali (Tingnan ang talata 3.4 para sa karagdagang paglalarawan ng Tower).

[4] RIBA - Royal Institute of British Architects

## 1 Pagpresenta sa proseso ng pagpili

1.1 Ito ang Yugto 1 Impormasyon sa Disenyo para sa Proseso ng Pagpili ng Design Team ng Grenfell Tower Memorial Commission. Inaanyayahan nito ang mga design team na maingat na naghanda at nagsaalang-alang ng pagsusumite na naglalarawan sa kanilang motibasyon na lumahok, sa kanilang kakayahang makipagtulungan sa komunidad ng Grenfell, sa paghahatid at pagkumpleto ng mga sampol ng proyekto at sa pangkalahatang karanasan at balanse ng design team.

1.2 Inaanyayahan ng Phase 2 ang hanggang sa maingat na napiling limang team na mas pagandahin ang kanilang paunang disenyo gamit ang mga insight mula sa komunidad ng Grenfell. Isasalarawan ng mga team ang mga elemento ng kanilang mga panukala may Tower man o wala, na nakapokus sa pagpili ng tamang design team sa halip na i-finalize ang isang partikular na disenyo ng memorial.

1.3 Inilalarawan ng impormasyon ang mga prinsipyo sa gabay ng disenyo para sa memorial at proseso ng pagpili. Ipinapaliwanag nito kung paano ihahanda ang paunang pagsusumite at kung paano maisasama sa shortlist ang mga team at panukala para sa ikalawang yugto.

1.4 Ang proseso ng pagpili na ito ay pinangungunahan ng Grenfell Tower Memorial Commission (ang Commission) sa ngalan ng komunidad ng Grenfell. Sisiguraduhin ng proseso na lubos na makikibahagi ang komunidad ng Grenfell sa proseso ng pagpili at magkaroon ng pagkakataon na makisali at aktibong makipagtalakayan sa mga team na naisama sa shortlist sa Phase 2 ng Proseso ng Pagpili ng Design Team at mga kasunod na detalyadong yugto ng disenyo. Titiyakin nito na na sama-samang mabubuo ang mga umuusbong na ideya sa disenyo kasama ang Commission at ang komunidad ng Grenfell at ang mga naapektuhan ng sunog at mga resulta nito.

1.5 Itinayo ang Commission na kumilos sa ngalan ng komunidad ng Grenfell upang makatulong na gabayan ang proseso ng pagdedesisyon at magbigay ng mga opsyon para sa pangmatagalang hinaharap ng site. Kasama sa Commission ang sampung kinatawan ng komunidad: ang kalahati ay mga naulilang miyembro ng pamilya, tatlo ang kumakatawan sa mga nakaligtas sa sunog, at dalawa ang maraming taon nang nakatira sa Lancaster West Estate. Mayroon ding dalawang co-chair. Ang Commission ay mayroong iba't ibang kasanayan, karanasan at pananaw sa kanilang trabaho at bilang mga boluntaryo ay dapat nilang ibagay ang gawaing ito iba pa nilang mga aktibidad at pangako sa pamilya. Available ang karagdagang detalye ng kanilang organisasyon at Mga Tuntunin ng Sanggunian sa website ng Grenfell Tower Memorial[5].

[5] **Mga Tuntunin ng Sanggunian ng Grenfell Tower Memorial Commission** https://www.grenfelltowermemorial.co.uk/terms-reference

1.6 Pangungunahan ng Memorial Commission ang proseso ng pagpili sa ngalan ng komunidad ng Grenfell at ang kanilang trabaho ay sinusuportahan ng mga independiyenteng design advisor at mga teknikal na eksperto. Pagsisikapan ng Commission na suportahan ang pagbuo ng maagang konsepto ng disenyo, hanggang sa detalyadong mga panukala sa disenyo at pagtatayo. Susuportahan ng gobyerno ang Commission bilang Contracting Client para buuin, tapusin at buksan ang memorial. Ang proseso ng pagpili ay dadaan sa dalawang yugto at susundan ng isang yugto ng pagbuo ng disenyo sa pakikipagtulungan sa komunidad ng Grenfell na susundan ng aplikasyon sa pagpaplano at ang pagtatayo ng memorial.

1.7 Itinatakda ng Yugto 1 Impormasyon sa Disenyo 1 na ito ang unang pananaw ng komunidad ng Grenfell para sa memorial at inilalarawan ang site, ang konteksto nito at mga pisikal na hadlang. Nagbibigay din ang impormasyong ito ng ilang karagdagang detalye kung paano dapat isaalang-alang ng mga organisasyon ang pakikipagtulungan sa mga organisasyon at mga indibidwal na bumubuo sa magkakaibang lokal na komunidad. Ipinapaliwanag nito ang paunang mga prinsipyo sa gabay ng disenyo para sa memorial, kung paano mag-isip tungkol sa istruktura ng design team, at kung ano ang kailangang isama sa mga pagsusumite. Ibinibigay nito ang mga pangunahing petsa at mga deadline para sa proseso ng pagpili at ang mga pamantayan na gagamitin upang masuri ang bawat pagsusumite. Isinama ang mga tuntunin at kundisyon na kailangang sundin ng lahat na papasok sa proseso ng pagpili na ito. Ibibigay ang mas detalyadong Yugto 2 Impormasyon sa Disenyo sa mga team na inanyayahang makilahok sa ikalawang yugto ng proseso ng pagpili.

1.8 Ang lahat ng team na naisama sa shortlist para lumahok sa Yugto 2 ay bibigyan ng honorarium na £20,000 (+VAT) bilang kontribusyon sa oras na kakailanganin para sa paghahanda ng mas detalyadong pagsusumite. Babayaran ito sa pagtatapos ng proseso ng pagpili matapos ganap na nakilahok sa proseso at nang matanggap ang kumpleto at sumusunod sa tagubilin na pagsusumite. Ibibigay ang karagdagang detalye sa pagbabayad ng honorarium sa Yugto 2 impormasyon sa disenyo.

1.9 Bilang pagbubuod, isasama sa proseso ng disenyo ang:

**Yugto 1** – **pag-shortlist ng mga team:**
Hinihiling sa mga team na isumite ang sumusunod:

- Motibasyon sa paglahok sa proseso ng pagpili na ito
- Kakayahang makipagtulungan sa komunidad ng Grenfell
- Pangkalahatang karanasan at balanse ng design team

**Resulta:** hanggang sa limang team ang isasama sa shortlist

**Yugto 2** – **paggpili ng team at diskarte sa paunang disenyo:**
Hinihiling sa mga team na naisama sa shortlist na isumite ang sumusunod:

- Pagkumpirma o pag-aangkop sa design team
- Ipaliwanag kung paano maisasama ang komunidad ng Grenfell

- Diskarte sa paunang disenyo, konsepto at visual na representasyon ng kung ano ang maaaring magiging hitsura ng isang bahagi ng memorial kung ipagpapatuloy ang detalyadong disenyo.

**Resulta:** isang team ang pipiliin para buuin ang disenyo ng Grenfell Tower memorial

**Pagkatapos ng proseso ng pagpili**

Ang napiling team ay masasangkot sa sumusunod:

- Pagbuo ng disenyo kasama ang komunidad ng Grenfell
- Paghahanda ng mga detalyadong drowing at pagsusumite ng aplikasyon sa pagpaplano
- Pagtulong sa pagpili ng mga angkop na kotraktor para sa pagtatayo ng memorial

Ang napiling team ay maaaring masangkot sa sumusunod:

- Tumutulong sa pangangasiwa sa pagtatayo ng Memorial kasama ng mga itinalagang Technical Advisor
- Pagsasaalang-alang ng mga implikasyon ng disenyo para sa pangmatagalang diskarte sa pamamahala at pagsasaayos para sa site.

1.10 Kailangang magtatag ng mga design team ng isang diskarte na flexible at nabuo mula sa pakikipagtulungan upang makabuo ng disenyo sa mga unang yugto ng proyekto at programa bago maisagawa ang isang desisyon para sa hinaharap ng tower. Sa panahon at pagkatapos ng proseso ng pagdedesisyon para sa hinaharap ng Tower, magbibigay ng suporta ang Commission secretariat at ang mas malawak na project team.

1.11 Sinusuportahan ng HM Government (HMG) ang gawain ng Commission sa pamamagitan ng isang nakatuon na team ng secretariat, kasama ang pangangasiwa sa proyekto, suporta ng komersyo at payo sa patakaran mula sa Ministry of Housing, Communities and Local Government. Ang departamento ang magiging awtoridad sa pagkontrata sa disenyo at pagtatayo ng memorial.

## 2 Ang tunguhin sa memorial

2.1 Ang tunguhin para sa Grenfell Tower memorial ay lumikha ng sensitibo at angkop na lugar na magsisilbing permanenteng paraan upang alalahanin ang mga nasawi at ang mga apektado ng trahedya. Ang mga iminungkahing diskarte para sa Memorial ay dapat na sumasalamin at bumubuo sa tunguhin na ito na pinagtulungang buuin ng komunidad ng Grenfell. Mas detalyadong inilarawan ang proseso ng pagtatayo ng tunguhing ito sa unang ulat na **'Remembering Grenfell: our journey so far**' (inilathala noong Mayo 2022) at ibinigay ang karagdagang detalye sa huling ulat na '**Remembering Grenfell: Recommendations and next steps to a memorial**' (inilathala noong Nobyembre 2023).

### Umuusbong na mga tema para sa memorial

2.2 Direktang nagbibigay ng impormasyon ang mga adhikain ng komunidad ng Grenfell para sa umuusbong na mga tema ng tunguhin at mahalaga ito sa paggabay sa diskarte sa disenyo ng memorial; ang mga ito ay binubuo ng sumusunod:

- Mapayapa at naggaganyak ng pagmimilaymilay
- Paggalang at pag-alala
- Pag-asa at positibo
- Komunidad at pag-ibig.

2.3 Hinihiling sa mga design team na gamitin ang apat na temang ito upang direktang buuin ang disenyo at kapaligiran ng Grenfell memorial. Dapat bigyan ng partikular na atensyon ang 'mapayapa at naggaganyak ng pagmimilaymilay' at 'paggalang at pag-alala', dahil ang mga ito ang pinakatanyag na tema na lumilitaw mula sa patiuna at patuloy na pakikipag-ugnayan sa komunidad ng Grenfell. Sila ang sentro ng pahayag ng tunguhing ito at ang pundasyon kung saan itatayo ang Grenfell Memorial.

### Paunang pahayag ng tunguhin para sa site ng memorial

2.4 Inilalarawan ng Grenfell Tower Memorial Vision Statement ang nakasisiglang tunguhin para sa kinabukasan ng memorial, na tumutulong sa paggabay, hindi lamang sa pisikal na hitsura nito, kundi sa malalim na emosyon na dapat nitong pukawin. Dapat itong bumuo ng pundasyon para sa isang memorial na hindi lamang gumugunita kundi nagpapasigla din.

> *Sa ubod nito ang bantayog ng Grenfell ay isang **payapang** lugar. Magbibigay ito ng isang lugar sa **pagmumuni-muni** at **pag-alala** ng mga nasawi, kung **bakit** naganap ang trahediyang ito at ang **pangangailangan para sa hustisiya**.*
>
> *Ang bantayog ay **magpapakita** sa **komunidad** ng Grenfell at ang **pag-ibig** sa loob nito, na nag-uudyok ng **pag-asa** at **positibidad** na **inaalala ang nakaraan** at **nakatingin sa hinaharap**.*

*Ito ay magiging isang lugar para sa mga naapektuhang indibidwal, nakaligtas at kasapi ng lokal na komunidad na **magsama-sama**.*

*Isang **magalang**, **matayog** at **magtatagal** na bantayog na **pinararangalan** ang mga nasawi at ang kanilang pamilya, ang mga nakaligtas sa sunog at kasapi ng lokal na komunidad.*

**Kung ano ang dapat makamit ng memorial**

2.5 Tatlong pangunahing layunin ang itinatag para sa memorial at pagtatayo nito:

- **Matayog na memorial** – paglikha ng higit pa sa isang simpleng lugar ng paggunita. Inaasahan na ang disenyo ay katangi-tangi at taos-puso, isang masidhing paalala at nakakaantig na pagpupugay sa mga pangunahing apektado ng trahedya.

- **Angkop na memorial** – ang memorial ay mayroong espesyal na kahulugan para sa komunidad ng Grenfell, na sumasaklaw sa kanilang pangangailangang alalahanin at pahalagahan ang maraming alaala ng mga pumanaw. Mapapahusay din nito ang masigla at mayaman sa kulturang kapitbahayan kung saan ito nakatayo.

- **Magtatagal na memorial** – ang mga iminungkahing disenyo, materyales at istruktura ay dapat na matatag, matibay, at napapanatili. Dapat itong maging permanente upang matiyak na hindi kailanman malilimutan ang trahedya at mga nakalas na buhay at malinaw na naipapahayag sa mga susunod na henerasyon.

Itinatag ang mga prinsipyo ng gabay sa disenyo batay sa mithiing ito, na inilalarawan sa Seksyon 5 ng impormasyong ito.

## 3 Ang site ng memorial at nakapaligid na lugar

3.1 Ang site ng Grenfell Tower Memorial ay isang mahalaga at natatanging bahagi ng magkakaibang pisikal na katangian ng lungsod sa loob ng west London. Bahagi ito ng isang pangunahing distrito ng tirahan kung saan nagtatagpo ang malalaking network ng mga kalsada at riles. Kasama dito ang nakataas na palitan ng A40 Westway at A3220 West Cross Route at ang Hammersmith & City at mga linya ng Circle Tube. Ang Latimer Road station ay nasa kanluran lamang ng site at nagbibigay ng malapit na koneksyon sa Underground system at sentro ng London.

### Ang site

3.2 Ang lupain na itinalaga para sa memorial mismo ay tinukoy ng hangganan ng proyekto na inilalarawan sa Diagram 1 na humigit-kumulang 3,400 square meters o 0.34 ektarya ang laki. Ang site ay napapalibutan ng iba't ibang open landscape at pampublikong lupain na magbibigay ng setting sa memorial at pangunahing lugar ng access. Sa kasalukuyan, ang itinalagang site at ang karamihan sa mga kalapit na paligid nito ay ligtas na ginawang imbakan at nakabakod dahil kasalukuyan itong ginagamit para sa mga aktibidad sa pagpapanatili at pamamahala, pag-iimbak ng kagamitan, serbisyo at tirahan ng mga kawani.

3.3 Ang site ay nasa loob ng Royal Borough of Kensington and Chelsea at matatagpuan malapit sa sentro ng Notting Dale Ward. Ang lugar na ito ay may maraming tao, kakaiba, may magkakaibang kultura at paniniwala na tinatayang may humigit-kumulang 9,900 residente (2023). Ito ay isang lugar na may malaking pagkakaiba sa lipunan, ekonomiya at kalusugan kung ihahambing sa ibang distrito sa borough at sa London sa pangkalahatan. Available ang iba't ibang istadistika para sa Notting Dale Ward sa London Data Store[6] at sa Ward Profile[7] na inilathala ng borough.


### Grenfell Tower at basement

3.4 Ang Tower ay palatandaan na sa kanlurang London mula itinayo ito noong 1974, at ngayon ay nakapaloob sa isang takip na nagsisilbing tanyag na visual na paalala ng trahedya. Malalim ang kahulugan ng Tower para sa komunidad ng Grenfell. Malaking pinsala ang naidulot ng apoy sa gusali at kailangang pagtibayin ang sumusuportang istraktura nito gamit ang steel framework ng mga props. Sumasang-ayon ang lahat na kung kailangang pabagsakin ang tower, dapat itong lansagin nang may pag-iingat at paggalang, at sa paraang nagbibigay-pugay sa mga nasawi. Hindi responsibilidad ng Commission na magpasya para sa kinabukasan nito, dahil pananagutan ito ng gobyerno na nagsasagawa ng sarili nilang hiwalay na pag-uusap sa

[6] The London Data Store, Mayor of London (2023) - https://data.london.gov.uk/dataset/ward-profiles-and-atlas
[7] Notting Dale Ward Profile, Royal Borough of Kensington and Chelsea (2014) - https://www.rbkc.gov.uk/pdf/Notting%20Daledata.pdf

komunidad tungkol dito. Ang pinal na resulta sa katayuan ng Grenfell Tower ay pagpapasyahan ng gobyerno. Bago ang desisyong ito, kailangang mapanatili ng mga design team ang isang flexible na diskarte sa disenyo.

Diagram 1: plano ng nilalaman ng site at hangganan ng site ng memorial




**Gamit sa lupa sa paligid**

3.5 Ang Lancaster West Estate, na idinisenyo sa mga huling bahagi ng 1960 at pangunahing itinayo noong 1970s, ay nagtatampok ng 'mga lansangan sa kalangitan' na may matataas na mga

walkway at mga berdeng lugar. Ang Grenfell Tower ay bahagi ng pag-unlad na ito. Gayunpaman, ang underground parking at ang mga daanan ng estate na katabi ng site ng memorial at hangganan ng proyekto, ay mayroong madidilim at hindi kaaya-ayang mga lugar, na kailangang isaalang-alang nang mabuti sa pagtatayo ng memorial. Ang katabing Kensington Aldridge Academy, isang high school na may magkakaiba-iba at higit sa 1,300 estudyante, at ang katabing sentro ng libangan, na mayroong iba't ibang pasilidad ng libangan, ay binuksan bilang bahagi ng proyekto ng muling pagpapaunlad ng lugar sa pagitan ng 2014 at 2015. Pansamantalang inilipat ang paaralan pagkatapos ng sunog sa Grenfell Tower, ngunit ibinalik ito noong 2018.

**Nakapaligid na mga open space**

3.6 Ang open space ay isang mahalagang bahagi ng panlipunan at kultural na buhay ng mga naninirahan sa lugar, lalo na mula noong trahedya. Nagbigay ang mga ito ng mga lugar para sa mga tao na nilaynilayin nang mag-isa at isang komunidad ang trahedya, upang magsama-sama at makilahok sa mga malikhaing proyekto, upang magnilay at upang magpatubo ng mga halaman. Umaangkop din ang mga lugar na ito upang matugunan ang mga pangangailangan ng maraming kultura at magkakaibang henerasyon. Pisikal na pinag-uugnay ng mga open space na ito ang iba't ibang kapitbahayan, na lumikha ng mga ruta na palaging ginagamit ng mga nagkakakad at nagbibisekleta. Nagbibigay ang mga ito ng mga lugar para makapaglaro ang mga bata, magkita-kita ang mga tinedyer at gumawa ng hardin sa komunidad at magtanim ng lokal na pagkain, lalo na sa ilan sa mga mas nakakulong na maaraw na lugar.

3.7 Ang itinalagang site ng memorial ay may iba't ibang open space na nakapalibot sa base ng Grenfell Tower. Ang lugar na ito ay orihinal na kilala bilang Lancaster Green na mayroong medyo malaking landscape at libangan sa Grenfell Tower bago itinayo ang paaralan at sentro ng libangan. Bago ang sunog, ang site ng memorial na nakapalibot sa tower ay nagsilbing kapakipakinabang na feature at libangan, palaruan ng mga bata at network ng mga daanan para sa mga residente. Kilala ang dating palaruan sa kanluran ng tower at palaging ginagamit ang open space na ito. Inalis ang kasalukuyang kagamitan sa paglalaro ay inalis at iniimbak kasama ng iba't ibang materyales mula sa site. Nanatili ang playcrete safety surfacing at ang space ay nasa timog sa tabi ng natitirang kilala at bantog na superhero graffiti wall. Ang silangan ng Grenfell Tower ay may iba't ibang impormal na naka-landscape, damuhan at mga sementadong lugar na napapalibutan ng mababang seating wall. Kasalukuyang ginagamita ang lugar na ito bilang mga site hut at pansamantalang imbakan ng mga materyales.

**Pansamantalang memorial cabin**

3.8 Sa kanlurang bahagi ng site ay mayroong isang nakapaloob na lugar na may pansamantalang cabin na may maliit na kwartong may malalaking bintana na nakaharap sa Grenfell Tower. May maliit na open space sa pagitan ng cabin at tower na makikita sa AstroTurf at kasalukuyang nagsisilbing isang pribadong lugar para sa pagninilay-nilay. Bagama't ito ay isang nakalaang lugar, hindi ito palaging bukas at available sa mga pamilya dahil ang pag-access sa loob ng hoarding ay sa panahon lamang ng mga anibersaryo. Available ang cabin at ang

nakapaloob na lugar na ito para sa eksklusibong paggamit ng mga naulilang pamilya bilang isang lugar kung saan maaaring marimdim na alalahanin ang kanilang mga mahal sa buhay bago ang disenyo at pagtatayo ng isang permanenteng memorial.

**Pag-access at paggalaw ng mga pedestrian at sasakyan**

3.9 Mayroong apat na pangunahing daanan ng mga pedestrian na magbibigay ng access sa hinaharap na site ng memorial, bagama't kasalukuyang hindi naa-access ng publiko ang site mismo. Mayroong nakatalagang daanan ng mga pedestrian sa kanluran na kilala bilang Station Walk na direktang konektado sa site mula sa Bramley Road at sa Latimer Road Underground Station. Araw-araw na ginagamit ng ilang estudyante at guro ang daanang ito papunta at mula sa Academy.

3.10 Mayroon ding access mula sa hilaga na isang sementadong daanan ng pedestrian sa pagitan ng paaralan at sentro ng libangan na nagsisilbi ding daanan sa kasalukuyang Grenfell Tower Memorial Wall. Kasalukuyan itong nagbibigay ng puwang para iiwang mga item, mensahe at mga larawan bilang pag-alala, pati na rin isang lugar na naa-access ng publiko para sa pagmuni-muni. Maaaring i-access ang site mula sa silangan sa pamamagitan ng daanan ng pedestrian mula sa Bomore Road sa tapat ng berdeng espasyo sa tabi ng Leisure Center. Ang daan mula sa timog ay nasa kahabaan ng Grenfell Road na may maliliit na daanan sa magkabilang gilid.

3.11 Ang access sa Grenfell Road ay kasalukuyang may ligtas na pasukan sa site at mga tanggapan ng tagapamahala. Mayroon ding secured na pasukan para sa mga sasakyan dito na papunta sa isang covered service road sa tabi ng hangganan sa timog ng site. Ginagamit ang rutang ito para sa paglilinis at pagkuha ng basura para sa hilagang seksyon ng Lancaster West Estate at ang mga nakataas na flat ng bakanteng Grenfell Walk na nasa ibabaw ng service road na ito. Ang ground level ay isang nakapaloob, madilim at medyo hindi magandang lugar, na daanan ng mga serbisyong pang-emergency, koleksyon ng basura at nakahanay na mga pribadong lock-up na parking sa ibaba lamang ng ground level (tingnan ang apendiks A3, larawan sa site 5).

3.12 Mayroong ramp ng pedestrian papasok sa upper level sa tabi ng Station Walk at mayroong first-floor pedestrian access to Grenfell Walk. Ang pampublikong lugar na ito ay kasalukuyang napapalibutan ng hoarding na nagiging hadlang sa pisikal at visual na pag-access sa site ng memorial sa ibaba (tingnan ang appendix A3 na larawan ng site 11 at 12). Ang lugar ng pedestrian na ito ay nagbibigay din ng access sa unang palapag sa Lancaster West Estate ng mga tirahan at sa mga kasalukuyang bakanteng flat sa kahabaan ng Grenfell Walk. Inaasahan na sa hinaharap, ang makikita sa semi-private na pampublikong lugar na ito ang kabuuan ng lugar ng memorial.

3.13 Sa Yugto 1, kinakailangang ilarawan ng mga design team ang kanilang paunang motibasyon patungkol sa pagdidisenyo ng memorial, na tututuon sa kanilang diskarte sa pagsasagawa ng ganitong mga komisyon na ipinakita ng nakaraang gawain. Sa Yugto 2, magkakaroon ng pagkakataon ang mga design team na naisama sa shortlist na maghanap at bumuo ng kanilang

paunang diskarte sa disenyo, mga konsepto at paunang panukala at bibigyan sila ng mas teknikal na impormasyon kung saan ibabatay ang kanilang diskarte.

## 4 Ang komunidad ng Grenfell

4.1 Hindi madaling tukuyin ang maraming iba't ibang 'grupo' ng mga tao na bahagi ng komunidad ng Grenfell at direktang naapektuhan ng mga kalunoslunos na pangyayaring nakapalibot sa sunog at ang mga resulta nito. Kadalasang hindi nabibigyan ng hustisya ng mga salita at 'label' kung paano nagkakaugnay sa maraming paraan ang personal na karanasan ng trahedya. Bilang tugon dito, maingat na pinili ang mga salita at kapag nabanggit ang komunidad ng Grenfell, tumutukoy ito sa mga naapektuhang pamilya, nakaligtas, residente ng Lancaster West Estate at kalapit na komunidad na nakatira malapit sa Grenfell Tower.  Kinikilala na mayroong pareho at magkakaibang mga karanasan sa mga apektadong indibidwal at pamilya, tulad ng bawat pamilya at indibidwal na magkakaiba, at hindi maaaring ipagpalagay ang bawat kalagayan nang walang patunay. Mayroon ding mga komunidad sa loob ng malalaking komunidad.

4.2 Sa simula, nakatuon ang Commission na pakinggan ang komunidad ng Grenfell at unawain ang kanilang mga kagustuhan, upang matiyak na matutugunan ang mga ito ng memorial sa hinaharap. Sa loob ng halos apat na taon ng aktibong pakikipag-ugnayan, itinatag ng Commission ang iba't ibang paraan upang makipaagtalakayan sa komunidad, at upang makuha at maitala ang mga pananaw ng komunidad tungkol sa memorial. Sa kabuuan, 2,259 katao ang nagbahagi ng kanilang mga saloobin sa Commission, kabilang ang 31 sa 43 naulilang pamilya. Nangyari ito sa pamamagitan ng maraming pamamaraan, kabilang ngunit hindi limitado sa personal at panggrupong pag-uusap, mga talatanungan, personal at online na mga event, at ang pagkakataong magbigay ng mga opinyon sa iba't ibang wika. Idinisenyo ang pamamaraang ito upang suportahan at bigyang-daan ang mga tao na makipag-ugnayan sa Commission anumang pamamaraan ang pinakaangkop sa kanila. Kinilala rin ng Komisyon na hindi lahat ay kaya o handa na makipag-usap tungkol sa hinaharap na memorial.

4.3 Bilang pasimula, napagkasunduan na dapat bibigyan ng pangunahing halaga ang mga pananaw ng mga naulilang pamilya. Narinig ito mula sa lokal na komunidad sa pamamagitan ng mga pakikipag-usap upang maabot ang kanilang mga pananaw at mga talakayan sa mga nakaligtas at miyembro ng pamilya. Upang ipakita ito, itinatag ang Commission upang matiyak na mabigyan ng pangunahing halaga ang boses ng mga naulila. Maliban sa pakikipagtulungan sa komunidad, ang proseso ng pagdidisenyo at pagtatayo ng memorial ay mangangailangan din ng regular at pormal na konsultasyon sa mga lokal na organisasyon at lupon ng tagapagpatupad ng batas. Magiging bahagi ito ng pormal na konsultasyon sa pagpaplano, proseso ng aplikasyon at pag-apruba na susundan ng prosesong ito ng pagpili ng design team.

### Paggalang sa komunidad

4.4 Ang pangangalap ng background na impormasyon at pananaw sa lugar at potensyal na diskarte sa disenyo ng memorial ay dapat isagawa sa makonsiderasyon at sensitibong paraan. Gumugol ang Commission ng maraming oras sa pag-unawa sa mga adhikain ng komunidad na naitala sa dalawang inilathala na mga ulat at ipinahayag sa maikling disenyo na ito. Dumanas na ang

komunidad ng Grenfell ng malaking trauma at hinihiling sa mga team na igalang ito at maging sensitibo sa privacy ng mga indibidwal.

4.5 Ang Yugto 2 ng proseso ng pagpili ay magbibigay ng pormal na pagkakataon sa komunidad ng Grenfell na makipagkita at makipag-ugnayan sa mga design team na naisama sa shortlist sa pamamagitan ng mga nakatuon na session na inorganisa ng Secretariat ng Commission. Titiyakin nito na maaaring direktang ipaalam ng komunidad ng Grenfell ang pagbuo ng disenyo ng memorial at ang pagpili ng design team. Ang mapipiling team ay malapit na makikipagtulungan sa Commission at sa komunidad ng Grenfell upang matiyak na maisasama sa disenyo ng memorial ang kanilang mga ideya at adhikain at na ang disenyo at pagtatayo ng memorial ay tunay na pinangungunahan ng komunidad.

## 5 Mga prinsipyo sa gabay ng disenyo

5.1 Ang pangunahing layunin ay gumawa ng magalang, pangmatagalan at napapanatiling memorial na kumikilala sa mga nasawi. Ang mga sumusunod na prinsipyo sa gabay ng disenyo para sa memorial ay nabuo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa komunidad ng Grenfell. Ibibigay ang karagdagang detalye sa Yugto 2 ng proseso ng pagpili.

- **Ang kapaligiran ng memorial** - ang paggawa ng memorial na idinisenyo na naghahayag ng kapayapaan at pagninilay-nilay, isang iginagalang na lugar para upang alalahanin ang mga nasawi at sensitibo sa iba't ibang kultura ng mga ito. Magiging isang lugar ito kung saan madarama sa bawat aspeto at detalye ng memorial ang paggalang at pag-alala.

- **Ang istruktura ng memorial** – ang paggawa ng mahalaga at napapanatiling memorial na nasa loob o bahagi ng isang nakasisiglang landscape garden. Ang memorial ay dapat sing-laki ng tao at nagbibigay proteksyon laban sa panahon, may lugar kung saan maaaring manalangin at magmuni-muni, mayroong tubig at kinikilala ang mga pangalan ng mga nasawi.

- **Ang gamit ng memorial** – ang paggawa ng isang marangal na lugar na nakatuon sa paggunita at pag-alala. Ito ay magiging isang lugar kung saan maaaring magmuni-muni, manalangin, at magsama-sama, na idinisenyo para pagdausan ng mga event upang alalahanin ang mga yumao at kanlungan para sa personal na pagmuni-muni at pakikipaghalubilo.

### Ang kapaligiran ng memorial

5.2 Priyoridad ng kapaligiran ng memorial ang mga katangian ng isang lugar kung saan mapayapa at maaaring magmuni-muni at nagbibigay ng paggalang at pag-alala. Ang mga pamantayang ito ang pinakalayunin ng komunidad ng Grenfell at sumasalamin sa mga pangunahing adhikain na itinakda para sa Grenfell memorial na inilarawan sa tunguhin. Bagama't hindi gaanong binigyang-diin ang mga tema ng pag-asa at pagiging positibo at pagmamahal at komunidad, dapat pa rin itong isaalang-alang sa pagbuo ng mga panukala.

### Ang istruktura ng memorial

5.3 Sa lahat ng talakayan sa komunidad ng Grenfell, ang pinakagustong mungkahi para sa memorial ay isang naka-landscape na hardin, ito ang feature na madalas banggitin ng lahat ng grupo. Bagama't napagkasunduan na ang hardin ang magiging pangunahing elemento ng memorial, pupunan din ito ng isang gusali o istraktura na nagbibigay ng kanlungan at lugar kung saan maaaring magmuni-muni. Bukod pa rito, inaasahang maglagay ng monumento o artwork, mapaunlad ang memorial at gawin itong tunay na makabuluhan at akma para sa Grenfell. Ibinubuod sa ibaba ang mga pangunahing elemento na maaaring mag-ambag sa anyo at istraktura ng memorial.

*Landscape garden ng memorial*

5.4 Ang landscape ay kumakatawan sa paglago, pagbabago at paggaling. Napagkasundoan na ang Grenfell memorial ay dapat mayroong sapat na laki at napapaloob sa isang hardin. Sa buong kasaysayan, ginagamit ang mga landscape at hardin upang magbigay ng simboliko, espirituwal at relihiyosong kahulugan, na may maraming kapansin-pansing halimbawa na pinagsasama ang mga katangian ng iba't ibang kultura. Bagama't iminumungkahi na isang hardin ang dapat na sentro ng disenyo ng memorial, dapat ding isaalang-alang ang isang serye ng mga elemento.

*Mga elemento*

5.6 Dapat na kitang-kita sa memorial ang mga pangalan ng 72 biktima, na maaaring pumili ang mga naulilang pamilya kung paano at kung dapat bang isama ang mga ito. Maaaring ituring na sensitibo ang elemento ng Taas upang maging balanse ang visibility at epekto sa komunidad. Dapat isama ang mga pangunahing elemento na tulad ng tubig, na sumasagisag sa katahimikan, at liwanag, na ginagamit na sa mga memorial ng Grenfell, tulad ng mga sinag ng liwanag mula sa Tower, at iba pang gusaling nagpapailaw ng berde sa panahon ng mga anibersaryo. Dapat ipakita ng art ang pagkamalikhain ng lokal na komunidad at pukawin ang mga damdamin ng pagmamahal, pag-asa, at kalungkutan. Mahalaga ang kulay berde, na sumisimbolo sa pag-alaala at pagkakaisa, kung saan itinatangi ang mga simbolo ng berdeng puso. Maaaring isama ang mga materyales mula sa Grenfell Tower, ngunit nakadepende sa pagiging sensitibo, pagiging posible, at pagiging angkop ang paggamit ng mga ito. Ibibigay ang karagdagang detalye sa Yugto 2 ng proseso ng pagpili.

*Isang gusali o istruktura*

5.7 Iminungkahi ng ilang indibidwal ang isang lugar o mga lugar na nagbibigay proteksyon laban sa panahon upang maging posible ang sama-sama o personal na panalangin at pagmumuni-muni sa buong taon at sa iba't ibang oras ng araw. Iminungkahi din ng mga tao na maaaring maglaan ng isang gusali para sa mga layuning pang-edukasyon at pangkomunidad, habang ang iba ay nag-aalala na maaaring maging destinasyon ng turista ang memorial kung maglalagay ng usa museo. May mga kahilingan na maglaan ng lugar para sa mga naulilang pamilya kung saan maari silang tahimik na magmuni-muni sa tabi ng isang lugar na mapaglalagyan ng mga bagay na mahalaga sa kanila. Lalo nang mahalaga ito dahil ang ilan sa mga naulilang pamilya ay hindi nakapagsagawa ng pormal na libing para sa kanilang mga mahal sa buhay dahil sa tindi ng sunog. Pagpapasyahan pa ng komunidad ng Grenfell kung magiging bahagi o katabi ba ng panghuling disenyo ng memorial ang mas malaking gusali.

**Kung paano gagamitin ang memorial**

5.8 Ang inaasam na memroal ay dapat magsilbing isang mapayapang kanlungan para sa pag-alaala at pagmuni-muni, na naaayong sa mga kagustuhan ng komunidad ng Grenfell. Magbibigay ito ng mga lugar para sa mga bisita kung saan maaring maupo, makapagpahinga, at magmuni-muni, kabilang ang mga mas pribadong lugar para sa mga gustong mapag-isa. Bilang pagkilala sa iba't ibang kultura ng komunidad, maaaring idaos sa lugar ang iba't ibang paraan ng

pagluluksa at pagdiriwang para sa buhay, kabilang ang mga lugar upang manalangin ang iba't ibang denominasyon.

5.9 Isasagawa sa memorial ang taun-taon at dalawang beses sa isang taon na pagtitipon upang gunitain ang mga yumao at suportahan ang mga aktibidad ng komunidad tulad ng mga aktibidad na nakatuon sa arts at kabutihan. Iminungkahi ng ilang miyembro ng komunidad na isama ang mga pasilidad na pang-edukasyon o museo habang ang iba ay nag-aalala na maging destinasyon ng turista ang memorial. Dapat isama ang mga lugar na angkop para sa mga bata at kabataan upang gumitain ang mga nasawing bata at magkaroon ng mga puwang para sa mga batang bisita. Dapat ding isaalang-alang ang mga sensory area at itinalagang lugar kung saan maaaring magmuni-muni ang mga bata.

5.10 Bukod pa rito, mauugnay sa memorial ang isang potensyal na digital archive (na hindi kasama sa impormasyong ito) at magbibigay ng koneksyon sa iba pang lokal na memorial na nilikha ng komunidad. Upang matiyak na manatiling magalang ang site, kailangang pamahalaan at pigilan ng mga design team ang hindi naaangkop na mga aktibidad, tulad ng paninigarilyo, pag-inom ng alak, pag-eehersisyo ng mga aso, hindi naaangkop na pag-uugali, at paninira.

**Pagpapanatili at pangmatagalang pamamahala**

5.11 Napakahalaga ng isang napapanatiling diskarte sa pagdidisenyo, paghahatid at pagpapanatili ng memorial. Dapat sensitibong ipakita ng mga panukala sa disenyo sa hinaharap ang mahusay na paggamit ng mga mapagkukunan, na tumitiyak na napapanatili ng proyekto ang kapaligiran, lipunan, at ekonomiya. Dapat pag-isipang mabuti ang arkitektura at pagtatatag ng landscape at ang pangmatagalang pangangalaga sa mga ito, na maingat na pinaplano ang pamamahala habang nabubuhay ang mga ito. Ang diskarte at disenyo ay dapat magbigay-daan sa komunidad na magkaroon ng malakas at pangmatagalang koneksyon sa memorial, na nagbibigay-daan para sa organikong paglago at ebolusyon sa paglipas ng panahon. Dapat maingat na piliin ang mga materyales na iniisip ang pagiging sensitibo, na inuuna ang pagiging napapanatili, dekalidad na mga materyales na nagsisiguro ng tibay at kaunting epekto sa kapaligiran. Ibibigay sa Yugto 2 ang mga detalyadong kinakailangan para sa pagpapanatili.

## 6 Ang iyong design team

6.1 Nakatuon ang Yugto 1 sa iyong iminungkahing team, dahil mayroong itong direktang impluwensya sa iyong diskarte sa pakikipagtulungan sa komisyon, mga grupo ng komunidad at indibidwal. Mahalagang idetalye kung sino ang kasama sa iyong team, kanilang mga kasanayan, karanasan at kung paano pangungunahan at bubuuin ang iyong team. Dapat mayroong malakas na diskarte sa pagtiyak na mayroong pagkakapantay-pantay, pagkakaiba-iba at walang diskriminasyon sa iyong buong team, sa loob ng nilalaman ng iyong isinumite at sa kabuuan ng iyong trabaho. Hinihikayat ang mga team na magkaroon ng iba't ibang kadalubhasaan sa disenyo at magpakita ng suporta at pakikipagtulungan sa mga disiplina sa disenyo, demograpiko at lived na karanasan. Dapat mo ring isaalang-alang kung paano ka makikipagtulungan sa mga lokal na indibidwal at malikhaing organisasyon na maaaring may direktang kaalaman sa site at sa mga natatanging katangian nito.

6.2 Kailangan sa pagbuo ng mga panukala sa disenyo para sa memorial ang ilang partikular na kasanayan at inaasahang isasama ng mga team ang sumusunod na propesyonal na kadalubhasaan:

- Lead Designer (Lead Design Consultant o Principal Designer)
- Landscape Architect, na isang mahalagang pangangailangan.
- Architect, na isang mahalagang pangangailangan.
- Structural and Building Services Engineer
- Community Engagement Consultant
- Transport, Movement and Access Consultant
- Town Planning Consultant

6.3 Maaari mo ring isaalang-alang ang pagsasama ng iba pang kadalubhasaan gaya ng mga artist, lighting specialist, interpretation consultant, horticulturalist at landscape manager. Kung naisama sa shortlist ang iyong team at iniimbitahan na magpatuloy sa ikalawang yugto ng proseso ng pagpili, pagkatapos ng feedback ay magkakaroon ka ng pagkakataong magdagdag at pagbutihin ang mga miyembro ng iyong team kung kinakailangan.

6.4 Bilang internasyonal na proseso ng pagpili, ang mga team ay maaaring pangunahan at mayroong mga indibidwal mula sa buong United Kingdom at ibang bansa. Ang lider ng design team ay magkakaroon ng pangunahin at tungkulin sa pag-coordinate sa proseso ng disenyo sa hinaharap, dapat may sapat na karanasan sa disenyo at pagkompleto sa proyekto at kwalipikasyon ng kinikilalang propesyonal mula sa bansa kung saan siya nakabase. Para sa UK, maaaring kabilang dito ang propesyonal na membership ng mga organisasyong gaya ng Landscape Institute, Architects Registration Board o naaangkop na mga institusyong pang-engineer.

6.5 Nakakatanggap na ang Grenfell Tower Memorial Commission ng ilang direktang teknikal na suporta mula sa mga espesyalistang consultant. Ang sumusunod na kadalubhasaan ay ibibigay

ng Ministry of Housing, Communities and Local Government, upang suportahan ang pagbuo at pagtapos ng memorial:

- Trauma consultant
- Cost consultant at quantity surveyor
- Geotechnical at consultant sa kontaminasyon ng lupa
- Consultant ng mga utility at drainage ng tubig sa ibabaw
- Consultant sa arboriculture at ekolohiya
- Karagdagang consultant sa built environment at design kung kinakailangan

6.6 Hiwalay na kukunin ng Commission ang mga tungkuling ito, na susuportahan ng gobyerno kung kinakailangan. Gayunpaman, maaaring piliin ng mga design team na isama ang mga pinangalanang indibidwal at organisasyon ng espesyalista na may ganitong mga kasanayan bilang bahagi ng kanilang team kung naisin nila.

**Ang iyong diskarte sa pakikipagtulungan**


6.7 Pagtutuonan ang istraktura at track record ng mga design team para sa Yugto 1 na pagsusumite. Kailangan din nitong isaalang-alang ang diskarte ng team sa pagdidisenyo ng memorial sa pakikipagtulungan sa Commission at komunidad ng Grenfell. Dapat din itong gamitin sa nakaraang gawain na nagbibigay ng malinaw na pagpapakita ng isang inklusibong diskarte na pinangungunahan ng komunidad sa pagkamit ng mga huwarang panukala sa disenyo.

6.8 Hinihikayat ang mga team na bumuo ng mga may disiplina, may kasanayan, sensitibo, at kumpletong mga team. Dapat ilarawan ng diskarte kung paanong ang team na may disiplina ay maaaring makagawa ng isang naaangkop na alaala na sumasalamin sa pananaw at mga layunin sa disenyo na itinakda ng Commission. Ang mga panukala ay kailangang magkaaron ng sensitibong disenyo at teknikal na deliverable.

6.9 Magiging napakahalaga ng isang diskarte sa disenyo na nakikipag-ugnayan at nakikilahok na sumasaalang-alang ang konteksto, komunidad at trauma na ito. Pangunahing kailangan ng prosesong ito na matiyak na ang disenyo at pagtapos ng memorial ay direktang makamit para sa at kasama ng buong komunidad ng Grenfell at sumasaalang-alang sa buong pagsuporta sa malawak na pakikipag-ugnayan sa komunidad na isinasagawa hanggang ngayon.

## Appendix A1

Base Plan ng Site ng Memorial




**Appendix A2:** aerial na larawan ng site ng memorial




Data ng aerial mapping: Copyright Bluesky International Ltd and Getmapping Ltd

**Appendix A3:** mga larawan ng lokasyon ng site ng memorial






Larawan ng site 1: Kahabaan ng Station Walk na access ng pedestrian sa kanto ng Bramley Road (06/07/23)





Larawan ng site 2: Itaas ng Station Walk sa secured na pasukan ng site (06/07/23)




Larawan ng site 3: Silangan patungo sa site ng memorial na kasalukuyang nasa secured na lugar ng site (06/07/23)




Larawan ng site 4: Kanluran ng buong silangang bahagi ng site ng memoryal (06/07/23)



Larawan ng site 5: Tinakpang service road sa timog na hangganan ng site ng memorial (06/07/23)




Larawan ng site 6: Grenfell Road malapit sa secured na pasukan ng site (06/07/23)




Larawan ng site 7: Access ng pedestrian sa Kensington Aldridge Academy at Silchester Road (06/07/23)



Larawan ng site 8: Access ng pedestrian sa pagitan ng Kensington Leisure Center at ng Academy (06/07/23)



Larawan ng site 9: Access ng pedestrian mula sa timog silangan ng Kensington Leisure Center (06/07/23)



Larawan ng site 10: Access ng pedestrian mula sa Bomore Road sa Kensington Leisure Center (06/07/23)




Larawan ng site 11: Kanlurang bahagi ng nakataas na daanan ng Grenfell Walk at hoarding (18/01/24)




Larawan ng site 12: Silangang bahagi ng nakataas na daanan ng Grenfell Walk at hoarding (18/01/24)